Turuan Mo (1 of 1)

Forgiven

VERSE 1

Bakit ba may panahong kay hirap umawit Kahit na pilitin ko ayaw ng aking tinig Dahil sa pagsubok O Diyos na sa 'kin ay nakapaligid Tila mga dingding sa aking munting silid

VERSE 2

Bakit ba may panahong tila wala Ka Hanapin man sa dalangin ko hindi ko madama Ngunit alam ko O Diyos ako'y Iyong naririnig Ang aking mga daing sa 'Yo'y hindi lingid

CHORUS

Turuan Mo ako O Diyos ng pasasalamat Sa panahong ang katagang ito ay mahirap mabigkas Turuan Mo ako kung paano magalak Sa panahong ang tuwa ay aking hinahanap

VERSE 3

Bakit ba may panahong ang suliranin Pumapatak parang ulan, parang bagyong dumarating Ngunit alam ko O Diyos sa kabila nitong dilim Sa likod nitong ulap may araw na nagniningning

ENDING

Sa panahong ang tuwa ay aking hinahanap Hinahanap (hinahanap), hinahanap (hinahanap) Hinahanap (hinahanap), hinahanap

SEQUENCE

Verse 1 – Verse 2 – Chorus – Verse 3 – Chorus (2x) – Ending (2x)

© 2012 Jonathan Sumido / Forgiven All rights reserved. Used by permission.